KIDS GOD WORSHIP
www.kidworship.kr

# Pinakain ni Jesus ang 5,000 Tao

– 7th Story–



42Page

N A R Isang araw, si Hesus ay nangangaral sa dalampasigan ng lawa ng Galilea. Sinundan sya ng napakaraming tao dahil nabalitaan nila ang mga himalang ginagawa Nya. Lumibot si Hesus sa mga tao, pinagaling ang mga may sakit at nangaral tungkol sa kaharian sa langit. Nang mag gagabi na ay lumapit ang mga alagad kay Hesus at sinabi:

**Disciple 1** Ano po ang gagawin natin sa napakaraming taong ito?

**Disciple 2** Nasa ilang na lugar po tayo at dumidilim na. Paalisin n'yo na po ang mga tao para makapunta sila sa mga nayon at nang makabili ng pagkain nila.

N A R At sinabi ni Hesus.

J e s u s Hindi na nila kailangan pang lumayo. Bigyan nyo sila ng makakain.

**Disciple 1** Wala po tayong pera; at kung meron man, saan naman tayo bibili ng pagkain para sa ganito karaming tao? Walang tindahan ng pagkain dito, kaya paano natin sila mapapakain?

J e s u s Kung gayon tignan nyo sa kanila kung sino ang may dalang pagkain.

---



43Page

N A R Naghanap nga ang mga alagad at pagkatapos ay bumalik kay Hesus at sinabi:

**Disciple 2** May isang batang lalaki na may dalang limang tinapay at dalawang maliliit na isda.

J e s u s "Dalhin nyo ang mga ito sa akin."


N A R Tinanong ng mga alagad ang bata:

**Disciples** Gusto mo bang ibigay kay Jesus yang pagkain mo?

**B o y** Oo naman po, heto oh.

N A R Ibinigay nga ng batang lalaki ang limang tinapay at dalawang isda sa mga alagad.

---



44Page

N A R Ibinigay ng mga alagad ang pagkain kay Hesus,. Pinaupo ni Hesus ang mga tao ng may tig lilimampung myembro sa bawat grupo. Nang makaupo na ang lahat, ang bilang nila ay nasa limang libo – at yun ay ang mga lalaki pa lang! Kinuha ni Hesus ang limang tinapay at dalawang maliliit na isda, nagpasalamat at sinabi:

J e s u s Ngayon ipamigay nyo ito sa mga tao.

N A R Ang sumunod na pangyayari ay kamangha mangha! Kahit gaano na karami ang naipamigay nila ni hindi man lang nababawasan ang tinapay at isda!



45Page



46Page

| | |
|---|---|
| NAR | Kumain at nabusog ang limanlibong tao. Lahat ay namangha sa kapangyarihan ni Hesus. Muling nagsalita si Hesus sa kanyang mga alagad. |
| Jesus | "Tipunin n'yo ang lahat ng natira para walang masayang." |
| Disciples | Lahat kayo, pakilagay ninyo dito lahat ng natira. |

---

| | |
|---|---|
| NAR | Nang matapos nilang tipunin ang lahat ng natirang pagkain, nakapuno pa sila ng labin dalawang basket! Ang pananampalataya't paggalang ng mga tao at ng mga alagad kay Hesus ay lalong lumakas at sila ay patuloy na sumunod sa Kanya. |